## Paano kung hindi ako umabot sa deadline ng Lifetime Health Cover loading?

Kung ikaw ay kumuha ng hospital cover matapos ang deadline ng iyong LHC loading ikaw ay magbabayad ng 2% LHC loading para sa bawat taon na ikaw ay lampas sa edad na 30. Kung ipagpapatuloy mo ang iyong hospital cover sa loob ng 10 taon tatanggalin ang LHC loading at ikaw ay hindi na kailangang magbayad ng LHC loading sa iyong hospital cover. Gayunpaman, kung nanaisin mong kanselahin ang iyong hospital cover at pagkatapos ay kumuha ulit nito sa bandang huli ikaw ay maaaring magbayad ng LHC loading kung ikaw ay muling sasali.

Upang mapunuan ang mga maliliit na kakulangan, katulad ng paglipat mula sa isang insyurans patungo sa iba, ikaw ay maaaring mawalan ng hospital cover sa loob ng panahong umaabot sa kabuuang 1094 araw (ibig sabihin, isang araw na kakulangan para sa tatlong taon) sa panahon ng iyong buhay, na hindi makakaapekto sa iyong LHC loading. Kung ikaw ay may kakulangang 1095 araw ikaw ay magbabayad ng 2% loading. Sa bawat 365 araw na walang insyurans matapos iyon, ang iyong LHC loading ay tataas nang 2%. Kung ikaw ay mag-aaplay sa iyong segurong pangkalusugan na isuspindi ang iyong hospital cover para sa loob ng maikling panahon, at ito ay sumang-ayon, hindi maaapektuhan ng panahong ito ng suspensyon ang iyong LHC loading (itinuturing na pinapanatili mo ang iyong insyurans).

## Mayroon bang anumang ibang espesyal na mga kalagayan?

Kung ikaw ay mamamayan ng Australia o isang permanenteng residente na nasa ibayong dagat sa panahon ng deadline ng iyong LHC loading (ibig sabihin, unang araw ng Hulyo matapos ang iyong ika-31 taong kaarawan), ikaw ay hindi magbabayad ng LHC loading kung ikaw ay kukuha ng hospital cover bago sumapit ang unang anibersaryo ng araw ng iyong pagbalik sa Australia. Maaari kang bumalik sa Australia sa mga panahong aabot sa 90 magkakasunod na araw at ituturing ka pa rin na nasa ibayong dagat.

Ang panahong inilagi sa Norfolk Island ay ituturing na panahong inilagi sa ibayong dagat at ito ay maaaring magkaroon ng ibang epekto batay sa mga aktuwal na petsa na ikaw ay nanirahan sa Norfolk Island.

Kung ikaw ay miyembro ng Australian Defence Forces (ADF) ang iyong mga serbisyong pang-medikal ay ibinibigay ng ADF, kaya ikaw ay ituturing na mayroong hospital cover. Kung ikaw ay tumiwalag sa ADF matapos ang unang araw ng Hulyo na ikaw ay umabot sa edad na 31, ikaw ay  ituturing na gumagamit ng iyong pinahintulutang mga araw nang walang hospital cover (ibig sabihin, 1094 na pinahintulutang mga araw sa panahon ng iyong buhay). Kaya ikaw ay maaaring kumuha ng hospital cover at manatili pa ring nagbabayad ng batayang halaga ng premium. Kung ikaw ay tumiwalag sa ADF bago sumapit ang unang araw ng  Hulyo matapos ang iyong ika-31 taong kaarawan, kung gayon magiging angkop ang mga normal na patakaran.

Kung ikaw ay may hawak na Department of Veterans' Affairs (DVA) Gold Card ikaw ay ituturing na mayroong hospital cover. Kung ikaw ay nagkaroon na ng  Gold Card sa anumang panahon simula unang araw ng Hulyo 1999, at ang card ay binawi ng DVA, maaari mong i-claim ang panahon na ikaw ay may hawak na card bilang panahon na mayroong hospital cover.

Kung ikaw ay ipinanganak sa petsa o bago sumapit ang unang araw ng Hulyo 1934, ikaw ay may iksemsiyon sa LHC loading. Maaari kang kumuha ng hospital cover sa anumang panahon sa hinaharap at magbayad ng batayang halaga ng premium.

TAGALOG

Australian Government
Department of Health and Ageing

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Lifetime Health Cover?

Mayroong website ang pamahalaan na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pribadong segurong pangkalusugan at Lifetime Health Cover. Ang address ng website na ito ay: www.PrivateHealth.gov.au. Maaari ka ring tumawag nang libre sa Department of Health and Ageing sa numerong 1800 020 103.

# Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Lifetime Health Cover

## Ano ang Lifetime Health Cover?

Ang Lifetime Health Cover ay kinapapalooban ng financial loading (LHC loading) sa hospital cover ng iyong pribadong segurong pangkalusugan (hospital cover). Ito ay dinisenyo upang hikayatin ang mga tao na kumuha ng hospital cover sa mas maagang bahagi ng buhay, at mapanatili ang kanilang cover. Kung ikaw ay kukuha ng hospital cover sa mas maagang bahagi ng buhay at mapapanatili ito, ikaw ay magbabayad ng mas mababang mga premium kung ikukumpara sa isang taong kumukuha nito kapag sila ay mas matanda na.

Kung hindi mo nais na magbayad ng LHC loading kailangan mong kumuha ng hospital cover bago sumapit ang deadline ng iyong LHC. Ang iyong deadline ay ang unang araw ng Hulyo matapos ang iyong ika-31 taong kaarawan, o para sa mga bagong migrante, 12 buwan mula nang ikaw ay magrehistro sa Medicare.

Ang mga LHC loading ay angkop lamang sa hospital cover. Ang mga ito ay hindi naaangkop sa tinatawag na general treatment cover ng pribadong segurong pangkalusugan (kilala rin sa tawag na ancillary cover o mga karagdagang cover).

## Magdiriwang ng ika-31 taong kaarawan?

Kung ikaw ay kukuha ng hospital cover bago sumapit ang unang araw ng Hulyo matapos ang iyong ika-31 taong kaarawan, maiiwasan mo ang pagbabayad ng LHC loading sa iyong hospital cover.

Kung ikaw ay kukuha ng hospital cover matapos ang petsang ito ikaw ay magbabayad ng LHC loading nang 2% para sa bawat taon na ikaw ay lampas sa edad na 30 taon. Gaya halimbawa, kung ikaw ay kukuha ng hospital cover sa edad na 40, ikaw ay magbabayad ng karagdagang 20% sa halaga ng iyong hospital cover. Kung ikaw ay maghihintay hanggang sa ikaw ay umabot sa edad na 50, ikaw ay magbabayad ng karagdagang 40%. At sa mga susunod pang mga edad, aabot sa pinakamataas na karagdagang 70%.

### Mga Halimbawa:

- Si Naomi ay magdiriwang ng kaniyang ika-31 taong kaarawan sa unang araw ng Marso 2008. Siya ay kumuha ng hospital cover policy para sa nagsosolong tao sa ika-21 ng Abril 2008 (bago sumapit ang unang araw ng Hulyo matapos ang kaniyang ika-31 taong kaarawan). Ang halaga ng kaniyang piniling hospital cover policy ay $1,000 bawat taon. Kung siya ay naghintay hanggang sa buwan ng Agosto 2008 (matapos ang unang araw ng Hulyo matapos ang kaniyang ika-31 taong kaarawan) siya ay magbabayad ng karagdagang 2% sa halaga ng kaniyang policy ($1,020 bawat taon). Kung si Naomi ay naghintay hanggang Oktubre 2013, kung kailan siya ay naging 36 na taong gulang, upang makakuha ng parehong hospital cover policy, siya ay magbabayad ng LHC loading na 12%. Ito ay karagdagang $120. Ang LHC loading ay magiging angkop para sa 10 taon ng patuloy na hospital cover, kaya sa loob ng panahong ito siya ay magbabayad ng karagdagang $1,200.
- Si Matt ay nasa edad na 55. Siya ay may policy para sa pribadong segurong pangkalusugan para sa tinatawag na general cover upang makatulong sa kaniya na magbayad para sa kaniyang salamin at pagpapatingin sa dentista ngunit siya ay walang hospital cover. Kung siya ngayon ay magpasiyang kumuha ng hospital cover siya ay magbabayad ng LHC loading na 50%. Iyon ay nangangahulugan na kung siya ay kukuha ng parehong hospital cover para sa mga nagsosolong katulad ni Naomi siya ay magbabayad ng $1,500 bawat taon sa halip na $1,000. Sa loob ng 10 taon kung saan naaangkop ang LHC loading siya ay magbabayad ng karagdagang $5,000.

## Mga bagong migrante

Kung ikaw ay isang bagong migrante sa Australia, at nasa edad na lampas sa LHC deadline (unang araw ng Hulyo matapos ang iyong ika-31 taong), may naaangkop na mga espesyal na kondisyon.

Bilang isang bagong migrante sa Australia ikaw ay hindi kinakailangang magbayad ng LHC loading kung ikaw ay kukuha ng hospital cover sa loob ng 12 buwan matapos na magrehistro sa Medicare. Matapos ang panahong ito ikaw ay kailangang magbayad ng LHC na karagdagang 2% para sa bawat taon na ikaw ay nasa edad na lampas sa 30 kapag ikaw ay kukuha ng hospital cover.

Bilang isang migrante, magandang ideya na isaalang-alang ang pagkuha ng hospital cover sa unang taon matapos na ikaw ay magrehistro sa Medicare. Kung ikaw ay maghihintay at kukuha ng hospital cover matapos ang petsang ito ikaw ay magbabayad nang higit pa para sa iyong hospital cover sa dahilang kabilang din sa presyo ang LHC loading. Kaya, mas mataas ang halaga kung ikaw ay mas matanda.

### Mga halimbawa:

- Si Hanh ay nasa edad na 35 at siya ay dumating sa Australia upang manirahan sa unang araw ng Marso 2008. Siya ay may permanent residency visa kaya siya ay karapat-dapat para sa Medicare. Siya ay nag-aplay upang makakuha ng Medicare card sa unang araw ng Abril 2008. Kung siya ay kukuha ng hospital cover bago sumapit ang unang araw ng Abril 2009, siya ay hindi magbabayad ng LHC loading. Kung ipinagpaliban ni Hanh ang pagkuha ng hospital cover matapos ang unang araw ng Abril 2009 (isang taon matapos na siya ay mag-aplay para sa kaniyang Medicare card) magiging angkop ang LHC loading batay sa kaniyang edad (2% para sa bawat taon na siya ay lampas sa edad na 30 sa panahon na siya ay kumuha ng hospital cover). Ang mahalagang petsa ay ang petsa na tinanggap ng Medicare Australia ang kaniyang aplikasyon para sa Medicare card. Ang katayuan ng visa ni Hanh ay hindi mahalaga.
- Si Javier ay nasa edad na 35 at siya ay dumating sa Australia upang manirahan sa unang araw ng Marso 2008. Siya ay may hawak na temporary residency visa at hindi karapat-dapat para sa Medicare. Sa petsang unang araw ng Mayo 2010 siya ay tinanggap bilang aplikante para sa pagiging permanenteng residente at naging karapat-dapat para sa Medicare. Si Javier ay nag-aplay upang makakuha ng Medicare card sa unang araw ng Hunyo 2010. Kung siya ay kukuha ng hospital cover bago sumapit ang unang araw ng Hunyo 2011, walang LHC loading na naaangkop. Kung ipinagpaliban ni Javier ang pagkuha nito hanggang sa matapos ang unang araw ng Hunyo 2011, magiging angkop ang LHC loading batay sa kaniyang edad. Ang mahalagang petsa ay ang petsa na tinanggap ng Medicare Australia ang kaniyang aplikasyon para sa Medicare card. Ang katayuan ng visa ni Javier ay hindi mahalaga.
- Si Ilango ay nasa edad na 25 at siya ay dumating sa Australia upang manirahan. Ang mga LHC loading ay hindi naaangkop sa mga tao hanggang sa unang araw ng Hulyo matapos ang kanilang ika-31 taong kaarawan. Si Ilango ay may maraming taon hanggang sa unang araw ng Hulyo matapos ang kaniyang ika-31 taong kaarawan upang kumuha ng hospital cover na hindi kailangang magbayad ng LHC loading.